Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

ANG Bayan

Tomo XLIII Blg. 2
Enero 21, 2012
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Wakasan ang makadayuhan at anti-mamamayang sistema sa ekonomya

Labis-labis ang pagkasuklam ng mamamayang Pilipino sa nagpapatuloy na paglubha ng kanilang kalagayang pangkabuhayan sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Matapos ang isa't kalahating taon, maliwanag na ipinakikita ni Benigno Aquino III na walang pinag-iba ang kanyang rehimen sa nagdaang rehimeng Arroyo at mga nauna pang papet na rehimen sa usapin ng ekonomya at pagharap sa mga tampok na suliranin ng kahirapan at kagutuman ng mamamayan.

Patuloy na lumalala ang problema ng disempleyo, mababang sahod, pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, pagkain at iba pang saligang bilihin at mga serbisyo. Gayundin, lumalala ang kawalan ng lupa, kawalan ng disenteng tirahan ng mga maralita, laganap na mga sakit, pagkabulok ng mga serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan. Malawakang nawawasak ang kapaligiran na nagdudulot ng dagdag na kahirapan sa kabuhayan ng mamamayan.

Lalong tumitingkad ang di pagkakapantay-pantay sa lipunan. Sa isang panig, pahirap nang pahirap ang buhay ng masang manggagawa, magsasaka, mga manggagawang bukid, minoryang mamamayan, karaniwang kawani, maliliit na propesyunal, mga estudyante at ibang sektor. Sa kabilang panig, lalong nakapagpapasasa ang malalaking dayuhang kapitalista, kasabwat nilang malalaking kompradador, mga panginoong maylupa at burukratang kapitalista sa pamamagitan ng pagpapatindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa masang anakpawis, pagdambong sa likas na yaman ng bansa at paggamit sa kapangyarihan ng reaksyunaryong estado upang paburan at bigyang-proteksyon ang kanilang negosyo at mga pag-aari.

Pinalalabas ng rehimeng Aquino na tumatahak ito sa "matuwid na daan," taliwas umano sa talamak na korapsyon ng nagdaang rehimen. Ang totoo, lumalala hindi lamang ang burukratang kapitalismo at korapsyon sa ilalim ng rehimeng Aquino, patuloy din nitong ipinatutupad ang mga patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon na siya ring ipinatupad ni Arroyo..

Ang nagpapatuloy na mga batas sa deregulasyon ang ginagamit ng malalaking kapitalistang dayuhan at kanilang mga kasapakat para walang patumanggang itaas ang presyo ng langis, tubig, kuryente, pamasahe sa tren, *toll fee,* serbisyong medikal, edukasyon at iba pa. Dere-



Sa isyung ito...

Korte ng naghaharing uri 4

Panggigipit kay Alan Jazmines 7

22 kaswalting sundalo sa Bukidnon 9

gulasyon din ang balangkas upang bigyang-matwid ang pagkaltas sa badyet ng estado sa mga serbisyong panlipunan at pagbibigay-laya sa "pribadong sektor" ng malalaking kapitalista at komprador para gawing negosyo ang mga paaralan, ospital, mga kalsada at iba pa.

Ang pinaiiral pa ring liberalisasyon sa pamumuhunan at kalakalan ang balangkas ng mga batas tulad ng Mining Act of 1995, Foreign Investments Incentives Act, Omnibus Investments Code at mga probisyon ng General Agreement on Tariffs and Trade (GATT). Nagdudulot ang mga ito ng malaking pinsala sa lokal na mga pwersa sa produksyon, laluna sa masang manggagawang Pilipino. Sa layuning akitin ang dayuhang pamumuhunan, ipinapako ang sahod upang manatiling mura ang halaga ng lakas-paggawa at malawakang ipinatutupad ang kaswalisasyon, kontraktwalisasyon at iba pang sistema ng pleksibleng paggawa.

Patuloy na pinapaburan ng rehimeng Aquino ang dayuhang malalaking kapitalista sa anyo ng paglilibre sa kanila sa buwis at pagbibigay-kaluwagan sa pag-eeksport at pag-uwi ng tubo at kapital. Para lumikha umano ng lokal na empleyo, pinoproteksyunan ang mga operasyon at binibigyang-laya ni Aquino ang mga dayong malalaking kumpanya sa pagmimina na dambungin ang yamang mineral ng bansa. Kapalit ng wala pang 1% na ambag nila sa empleyo sa bansa ay ang pagkasaid ng yaman ng bansa at permanenteng pinsala sa kapaligiran.

Ang liberalisasyon naman sa sektor ng agrikultura ay ilang dekada nang isinasangkalan ng malalaking kapitalistang bansa para magtambak ng mga produktong agrikultural sa Pilipinas sa kapinsalaan ng lokal na produksyon sa agrikultura. Sa ilalim nito, maluwag na nakakapasok ang dayuhang malalaking agribisnes na nagpapalaganap ng mga binhi, pestisidyo at iba pang produktong sumisira sa nakaasa sa sariling produksyon at nagtatali sa lokal na produksyon sa mamahaling mga dayong pro-

duktong pangkapital. Patuloy na nangangamkam ng lupa ang mga dayuhang kumpanyang multinasyunal. Lalong sumisidhi ang pagsasamantala at pang-aapi sa mga magsasaka at manggagawang bukid ng malalaking asendero, komersyante at dayuhang malalaking kapitalista.

Malaking bahagi ng badyet ng bansa ang inilalaan ni Aquino sa pakinabang ng dayuhang malalaking kapitalista sa pamamagitan ng Public-Private-Partnership Program. Dito ay pinauubaya sa dayuhang malalaking kapitalista at mga kasosyong lokal na negosyante ang malalaking proyektong pang-imprastruktura. Pinopondohan ito ng gubyerno at ng mga pautang mula sa mga dayuhang bangko na ginagarantiyahan naman ng gubyerno. Katulad ng mga proyektong LRT, South Luzon Expressway at iba pa, malao'y ibibigay ang buong kontrol nito sa "pribadong sektor" ng malalaking kapitalista para magkamal ng tubo.

Ang mga patakaran sa ekonomya ng rehimeng Aquino ay pawang nakatuon sa pagpapanatili ng kasalukuyang sistemang malakolonyal at malapyudal. Pinasisidhi nito ang pagsasamantala at pang-aapi sa masang anakpawis at mamamayang Pilipino. Inilulugmok nito ang buong bansa sa krisis. Binabansot nito ang lokal na mga industriya at pinipigilan ang pagusbong ng independyenteng ekonomyang nakatitindig sa sarili. Pinananatili nito ang mono-

ANG BAYAN

Taon XLIII Blg. 2 Enero 21, 2012

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal: Wakasan ang makadayuhan at antimamamayang sistema sa ekonomya **1**

Pagtaas ng presyo ng langis **3**

Korte Suprema, hukuman ng naghahari **4**

Paglilitis kay Corona **5**

Panggigipit kay Alan Jazmines **6**

Ka Bart, nakakulong pa rin **7**

Mamamahayag sa GenSan, pinaslang **7**

Mga magsasaka sa Pangasinan, inaresto **7**

Marahas na demolisyon sa San Juan **8**

Pagmimina sa Pantukan **9**

22 kaswalting sundalo sa Bukidnon **10**

Gen. Mario Chan, sinungaling **11**

Welga sa Nigeria **11**

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

polyong kontrol sa lupa. Winawasak nito ang lokal na produksyon at iniluluwal ang palagiang problema ng malawakang disempleyo. Nagkakasya ito sa pageeksport ng lakas-paggawa sa ibang bansa at panandaliang mga programang pampasiklab na nagdudulot lamang ng pansamantalang empleyo.

Lalo pang sisidhi ang paghihirap at pang-aapi sa mamamayang Pilipino sa harap ng mga balakin ng rehimeng Aquino na higit pang buksan ang ekonomya ng Pilipinas alinsunod sa dikta ng imperyalismong US.

Itinutulak ng krisis ang mamamayang Pilipino sa landas ng mga pakikibakang masa upang ipaglaban ang kanilang demokratikong interes. Ang nag-iibayong krisis na bumabayo sa mamamayang Pilipino ay lumilikha ng kundisyon para mamulat sila sa mga saligang suliraning nasa ugat ng kanilang paghihirap at pagdurusa.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa na abutin ang milyun-milyong mamamayan at pukawin sila sa pangangailangan ng pambansa at demokratikong pagbabago. Dapat puspusang ilantad ng mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa ang mga ugat ng krisis at pawiin ang mga kontra-rebolusyonaryo at repormistang kaisipang pinalalaganap ng mga imperyalista sa pamamagitan ng mga paaralan, masmidya, internet at iba pang daluyan ng impormasyon.

Dapat magpunyagi ang mga rebolusyonaryong pwersa na mapakilos ang milyun-milyong mamamayan sa landas ng digmang bayan at sa pagtulak nito sa susunod na yugto ng pagsulong. Paparami ang namumulat sa katotohanang matutugunan lamang ang interes ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng gubyernong tunay na naglilingkod sa kanilang interes. AB

Malawakang protesta, sagot sa mga patakarang pahirap

Nakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mamamayang Pilipino sa pagkundena sa mga dayuhang kumpanya ng langis na apat na beses nang nagpapataas sa presyo ng mga produktong petrolyo sa loob lamang ng 20 araw. Dagdag ding pasanin ng mamamayan ang bagong pagtaas ng singil sa tubig ng P2.335 *per cubic meter* simula noong Enero 1 at pagtaas ng singil sa kuryente ng mga kumpanyang pag-aari ng malalaking kumprador burgesya gaya ng mga pamilyang Lopez at Aboitiz.

Kinukundena rin ng PKP ang rehimeng US-Aquino sa pagbibingi-bingihan nito sa kahirapan ng mamamayan at pagmamatigas na panatilihin ang 12% VAT sa mga produktong petrolyo at sa nagpapatuloy na pagpapatupad ng pribatisasyon at deregulasyon na dagdag pahirap sa mamamayang Pilipino. Sa partikular, lubhang pabigat sa sambayanan ang batas sa deregulasyon ng langis, ang Electric Power Industry Reform Act of 2001 (R.A. 9136) o EPIRA na sanhi ng pagtaas ng singil sa kuryente, at ang batas na nagsapribado sa serbisyo ng tubig.

Sa harap ng walang tigil na pagpapahirap sa sambayanan, nananawagan ang PKP na labanan ang patuloy na pagtaas ng presyo ng langis, tubig at kuryente sa pamamagitan ng malalawak na aksyong protesta ng mga unyon ng mga manggagawa at mga organisasyon ng mamamayan. Magandang tularan ang ginawa ng mamamayan ng Nigeria, na biktima rin ng halos 130% na pagtaas ng presyo ng langis matapos pawiin ng gubyerno ang subsidyo sa langis. Sama-samang inilunsad ng mamamayan ang mga welga, pagtigil sa trabaho at mga demonstrasyon. Pagkatapos ng isang linggong mga aksyong protesta, binabaan ng gubyernong Nigeria ang presyo ng mga produktong petrolyo nang 35%.

Sa Pilipinas, bilang tugon sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, sumugod sa upisina ng Pilipinas Shell sa Makati City noong Enero 11 ang Pagkakaisa ng Samahan ng mga Tsuper at Operators Nationwide (PISTON) para kundenahin ang panibagong pagtaas ng presyo ng langis. Umaabot sa P1.50 kada litro ang itinaas ng presyo ng *diesel* at P1.75 naman sa gasolina. Bago ito ay itinaas noong Enero 3 nang 30 sentimo ang presyo ng bawat litro ng *diesel* at 90 sentimo sa gasolina.

Ani George San Mateo, tagapangulo ng PISTON, sinasamantala ng mga dayuhang kartel sa langis ang mga kaguluhan umano sa Middle East para magpairal ng artipisyal na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo kahit wala pang aktwal na nagaganap na gera roon at wala pang kakulangan sa suplay ng langis. Nakikinabang din dito ang rehimen sa ipinapataw nitong dagdag na buwis sa langis. AB



Korte Suprema: Hukuman ng mga naghaharing uri

Nasa sentro ngayon ng tunggaliang paksyunal ng mga naghaharing uri ang Korte Suprema sa pagtatangka ng naghaharing pangkating Aquino na patalsikin si Chief Justice Renato Corona. Gayunman, sa kasaysayan, ang Korte Suprema, tulad ng iba pang sangay ng reaksyunaryong gubyerno, ay nagsilbing instrumento para sa pagpapanatili ng papet, bulok at mapanupil na reaksyunaryong sistema at kolektibong interes ng mga naghaharing uri.



Sa ilalim ng nagdaang rehimen, sunud-sunod ang mga mayor na desisyon ng Korte Suprema na pumabor sa makadayuhan at kontra-mamamayang mga patakaran ni Gloria Arroyo. Kabilang dito ang pagpabor sa dayuhang pagmimina, ang Expanded Value Added Tax (E-VAT) at ang deregulasyon ng industriya ng langis.

Idineklara ng Korte Suprema noong Enero 2004 na hindi konstitusyunal ang Mining Act of 1995 dahil sa probisyon nitong nagpapahintulot sa dayuhang pagmimina. Pero makaraang ikampanya ni Arroyo ang pagmimina, binaliktad noong Disyembre 2004 ng Korte Suprema ang sarili nitong desisyon. Ikinatwiran nito na hindi maaaring sagkaan ang kapangyarihan ng pangulo at gabinete na makipagkasundo sa mga dayuhang kumpanya. Noong taon ding iyon, idineklara rin ng Korte Suprema na konstitusyunal ang kautusan ni Arroyo na nagpalawak sa saklaw ng VAT. (Ang Expanded VAT ay isang batas na hindi na dumaan sa Kongreso at umani ng malawak at mariing pagtutol mula sa mamamayan.) Kinontra rin bago ito ang sariling desisyon kontra sa Oil Deregulation Law kahit walang pagbabago sa monopolyo sa industriya ng langis. Unang ibinasura ng Korte Suprema ang naturang batas dahil sa pagkakaroon ng kartel ng langis sa bansa.

Kahit sa mga indibidwal na kaso, mayorya ng mga desisyon ng Korte Suprema ay kumikiling sa mga dayuhang kapitalista, malalaking burgesya at panginoong maylupa na pinapaboran ng nakaupong pangulo. Isang halimbawa nito ang pagbawi ng Korte Suprema sa deklarasyong iligal ang pagsisante ng Philippine Airlines (PAL) sa 1,400 *steward* at *stewardess* nito noong Setyembre 7, 2011. Ngunit makaraan ang isang buwan, pinawalambisa ang naunang desisyon nito batay lamang sa isang teknikalidad.

Relasyon nina Corona at Arroyo. Sa mayorya ng mga kaso, bumoboto o nagdedesisyon ang isang mahistrado ayon sa interes ng pangulong nagtalaga sa kanya at kanyang mga padrino. Mababakas ito sa partikular na rekord ni Renato Corona, ang kasalukuyang punong mahistrado na na-*impeach* ng Mababang Kapulungan at kasalukuyang nililitis sa Senado. Itinalaga siya ni Arroyo bilang Associate Justice ng Korte Suprema noong 2002. Bago siya mailuklok sa Korte Suprema, nagsilbi si Corona bilang *chief of staff* at tagapagsalita ni Arroyo noong bise presidente pa lamang ito.

Nang maging pangulo na si Arroyo, ginampanan ni Corona ang gawaing *chief of staff,* tagapagsalita at *executive secretary.*

Isa lamang sa tahasang maka-Arroyong desisyon ng Korte Suprema sa ilalim ni Corona ay ang pagkontra nito sa kautusan ng Department of Justice na nagbabawal sa mag-asawang Arroyo na lumabas sa bansa noong Nobyembre 2011. Bago ito, pinawalambisa ng Korte Suprema ang pag-*impeach* ng Kongreso kay Merceditas Gutierrez, isa pang masugid na alipures ni Arroyo.

Sa siyam na taong panunungkulan ni Corona sa Korte Suprema, umabot sa 78% ng mga desisyon niya sa mga kasong pulitikal ang pumabor sa kampong Arroyo.

Kabilang dito ang pagsangayon niya sa Presidential Proclamation (PP) 1017 noong 2006 na nagpataw ng mala-batas militar na *state of emergency* sa buong bansa. Idineklarang hindi konstitusyunal ng mayorya ng Korte Suprema ang PP 1017 pero hindi sumang-ayon dito si Corona. Pinanigan din ni Corona si Arroyo sa inilabas niyang Executive Order 464. (Ang kautusang

ito ay nagbabawal sa mga pinuno ng mga departamento at ahensya ng gubyerno na humarap at tumestigo sa noo'y sunud-sunod na mga imbestigasyon kaugnay ng mga kaso ng korapsyon ng rehimeng Arroyo.) Pumanig din si Corona kay dating National Economic Development Authority (NEDA) Director Romulo Neri (Neri vs. Senate), nang tumanggi itong tumestigo sa kasong aregluhan sa pagitan ng mag-asawang Arroyo at kumpanyang ZTE.

Bago pa ito, ipinagtanggol ni Corona ang isinulong ng kampong Arroyo na "People's Initiative" na naglayong baguhin ang 1987 Konstitusyon para mapalawig ang panunungkulan ng mga upisyal na nasa poder.

Mahalaga ang kontrol ng nakaupong pangkatin sa punong mahistrado o sa mayorya ng mga mahistrado ng Korte Suprema. Noong panahon ni Arroyo, umabot sa 21 mahistrado ang kanyang itinalaga rito. Kung naging kontra-pelo ang Korte Suprema nang maging punong mahistrado si Reynato Puno (2006-2010), hindi ito naging sagka sa kanyang paghahari. Kaya bago bumaba si Arroyo sa poder bilang pangulo, gayon na lamang ang pagmamadali niyang iluklok sa pinakatuktok ng korte si Corona.

Batid ni Aquino ang kahalagahan ng Korte Suprema sa paghahari ng kanyang pamilya at pangkatin. Malaking bigwas laban sa kanya at kanyang pamilya ang desisyon ng Korte Suprema na ipamahagi ang Hacienda Luisita sa mga manggagawang bukid at magsasaka nito. Bago ito, tinanggihan ng Korte Suprema na kilanlin ang binuo ni Aquino na Truth Commission na uusig umano kay Arroyo. Sa simula pa lamang, hindi na kinilala ni Aquino si Corona bilang lehitimong *chief justice.*

Paglilitis kay CJ Corona

Sinimulan na noong Enero 16 ang paglilitis ng Senado kay Chief Justice Renato Corona.

Tinututukan ng mamamayang Pilipino ang paglilitis na ito dahil nais nilang maging bahagi ito ng pagsisikap nila na idiin si Gloria Arroyo sa mga krimen niya laban sa bayan. Ang pagtatalaga kay Corona bilang pinuno ng Korte Suprema ay ihinabol ni Arroyo sa hangaring mapaburan siya sa kanyang oras ng panganganailangan.

Sinimulan nang busisiin ng mga kongresistang taga-usig ang mga umano'y nakatagong yaman ni Corona. Anila, mayroong 45 ari-arian si Corona na nagkakahalagang mahigit P200 milyon na nakapangalan sa kanyang asawa at malalapit na kamag-anak na hindi niya inilista sa kanyang Statement of Assets, Liabilities and Net Worth (SALN). Sa pagpapatuloy ng paglilitis, inaaasahang ididiin ng mga tagausig kung papaanong ang mga desisyon ni Corona ay pumapabor kay Arroyo.

Habang tumatagal ay lalong nalalantad sa publiko ang internal na bangayan at hanayan ng bawat pampulitikang interes sa loob ng Korte Suprema. Nag-uunahan ang mga mahistrado at mga padrino nila na mailuklok sila sa makapangyarihang pwesto kapalit ni Corona.

Bago pa man magsimula ang paglilitis, mainit na ang labanan ng dalawang kampo. Bukambibig ni Corona na ang tunay na dahilan ng pagsasampa ng kasong *impeachment* laban sa kanya ay ang pagmamadali ni Aquino na tanggalin siya bilang punong mahistrado.

Sa kabilang banda, walang awat ang pagbubunyag ng mga alyado ng rehimeng Aquino sa Mababang Kapulungan sa baho at korapsyon ni Corona at kanyang pamilya. Kabilang dito ang pagkakaroon ng mga *bank account* na may malalaking deposito.

Ginamit din ng Malacañang ang ulat kamakailan ng World Bank na nagrereklamo sa pagkakagamit ng ipinautang nitong pondo noong 2003 sa Korte Suprema. Ayon sa ulat, ginamit ng Korte Suprema ang bahagi ng pondo sa iba't ibang gastusin nito labas sa itinakdang "reporma sa hudikatura."

Sa punto de bista ng mga organisasyong demokratiko at ng mamamayang Pilipino, sakaling mapanagot si Corona sa kanyang mga kasalanan ay may isang balakid na mawawala sa tuluyang paglilitis kina Arroyo at kanyang mga alipures. AB

Habang umiigting ang bangayan ng magkatunggaling pangkating Aquino at Arroyo-Corona, lalo ring nabubunyag ang likas na reaksyunaryo at maruming katangian ng dalawang kampo.

Ilang araw pa lamang ang paglilitis kay Corona, nagsampa na ang Hacienda Luisita Incorporated (HLI) ng *motion for reconsideration* at *clarification* sa Korte Suprema laban sa desisyon nito na ipamahagi ang lupa sa asyenda at ibasura ang iskemang SDO. Magsasampa rin ang HLI ng mosyon para pagbawalang sumama si Corona sa anumang pagdedesisyong gagawin ng korte kaugnay ng asyenda. AB

Panggigipit kay Alan Jazmines, kinundena

Mula nang iligal na idetine si NDFP Consultant Alan Jazmines, ilang ulit na siyang pinagbabantaan ng mga upisyal ng PNP Custodial Center na ilipat sa ibang kulungan.

Unang pinag-initan si Jazmines nang simulan niya ang paglalantad ng mga paglabag ng mga awtoridad sa karapatang-tao ng mga detenido, hindi makatarungang paghihigpit at bulagsak na kundisyon ng mga nakakulong. Pinamunuan ni Jazmines ang pakikibaka ng mga detenido laban sa mapaniil na mga patakaran at hindi makataong kundisyon sa loob ng kulungan.

Muling tinangkang ilipat si Jazmines nang maghain na siya ng reklamo nang pagbawalan ang pagpasok sa loob ng kulungan ng mga *postcard* na nagsasaad ng "Free All Political Prisoners." Binatikos din niya ang pagbubukas ng mga pulis sa *custodial center* ng kanyang mga personal na komunikasyon, kabilang ang *confidential* na mga dokumento at komunikasyon ng NDFP hinggil sa usapang pangkapayapaan.

Nitong huli, pinagbantaan na namang ilipat si Jazmines nang magreklamo siya laban sa mga maniobra ng *custodial center* na pigilan sa pagbisita ang mahigit 30 tagasuporta ng tatlong detenidong NDF *consultant* (siya at sina Eduardo Sarmiento at Eduardo Serrano). Anang mga pulis, nakaalerto raw ang kampo. Pinigilan din ang pagpasok ng lehitimo at pampublikong mga babasahin na dala ng mga bumibisita gaya ng dokumento ng National Council of Churches in the Philippines na "Churches' Response as Human Rights Defenders", praymer ng KARAPATAN tungkol sa Oplan Bayanihan, at isyu ng pahayagang *Pinoy Weekly.*



Ayon kay Jazmines, malaking kasinungalingan ang sinasabi ng PNP Custodial Center na nagpapakita siya ng hindi magandang asal sa loob ng kulungan kung kaya siya ililipat ng piitan. Target siyang ilipat sa Bicutan, kung saan mas mahigpit at mapanupil ang mga patakaran.

Palayain ang lahat ng mga detenidong pulitikal. Samantala, inihain ng 38 kongresista ng Mababang Kapulungan ang House Resolution 1956, na nananawagang bigyan ng walang kundisyon at pangkalahatang amnestiya ang lahat ng mga detenidong pulitikal na biktima ng pampulitikang pang-aapi at sinampahan o hinatulang nagkasala ng pampulitika at/o komon na mga krimen na ginawa para ipaglaban ang kanilang mga pampulitikang paniniwala.

Tinukoy sa House Resolution 1956 na una sa mga dapat palayain agad ang sampung detenidong pulitikal na dapat sanang pinalaya na noong 2001 at 2004, batay sa kasunduan sa usapang pangkapayapaan bago ito nasabotahe ng gubyernong Arroyo. Ito ay sina Matricio Manuelito, Joshue Ungsod, Juanito Itaas, Rogelio Natividad at Darwin Rojas (2001); Ricardo Solangon, Galo Omar, Palili Jammang, Moner Taufic at Abubakar Bimbas (2004).

Pangalawang dapat palayain ang matatanda, may sakit at matagal nang nakakulong na mga detenidong pulitikal, sa partikular sina Rolando Paniamogan, pamilyang Alegria, Sandino Esguerra at Mohamadiya Hamja.

Pangatlo ang natitira pang detenidong mga konsultant ng NDFP na protektado ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at alinsunod sa pangako ng GPH Negotiating Panel noong Pebrero 2011 na palayain ang karamihan o lahat ng mga detenidong pulitikal. Ito ay sina Alan Jazmines, Tirso "Ka Bart" Alcantara, Randy Malayao, Edgardo Friginal, Eduardo Sarmiento, Leopoldo Caloza, Eduardo Serrano, Emeterio Antalan, Ramon Patriarca, Danilo Badayos, Alfredo Mapano, Pedro Codaste at Edwin Brigano.

Pang-apat ang *hors de combat* na si Vanessa de los Reyes, isang mandirigma ng BHB na naparalisa mula baywang pababa matapos matamaan ng bala ang kanyang gulugod.

Panlima ang 35 babaeng detenidong pulitikal na bulnerable sa sekswal na pang-aabuso at karahasan habang nakakulong, bukod pa sa ibang tinitiis nilang kahirapan habang nakadetine sila.

Dapat ding pakawalan sina Ericson Acosta at Maricon Montajes, dalawang alagad ng sining mula sa University of the Philippines-Diliman na sumiyasat sa kalagayan ng mga magsasaka at nagbunyag sa kanilang kahirapan sa pamamagitan ng mga likhang sining. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong pag-iingat ng iligal na pasabog at armas. AB

Patuloy na nakakulong si Ka Bart

Lampas isang taon nang nakakulong si Tirso "Ka Bart" Alcantara. Ito ay sa kabila ng mga pangako ng rehimeng US-Aquino na palalayain na ang mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Inaresto si Ka Bart noong Enero 3, 2011, labag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG).

Sa pakikipagnegosasyon ng NDFP, tatlong ulit na binitawan ang naturang pangako, dalawa sa pirmadong mga kasunduan noong Enero at Pebrero 2011, at minsan sa pakikipagkonsultasyon noong Setyembre 2011 sa gubyernong Norwegian, ang nagsisilbing tagapamagitan sa usapang pangkapayapaan.

Dapat palayain muna ng GPH sina Ka Bart at lahat ng mga konsultant para umusad ang negosasyong pangkapayapaan. Ang kabiguang ipatupad ng rehimeng US-Aquino ang pangakong mapalaya sina Ka Bart at iba pang konsultant ng NDFP ay nagpapatunay na walang interes ang rehimen na ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan. Interesado lamang itong gamitin ang usapang pangkapayapaan bilang instrumento para pasukuin at patahimikin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa loob ng balangkas ng mapaniniil na gerang Oplan Bayanihan. AB

Pitong magsasaka, inaresto sa Pangasinan

Pitong magsasaka ang inaresto ng mga pulis noong Enero 13 matapos nilang pigilan ang pagbabakod ng kanilang mga sakahan sa bayan ng Bayambang sa Pangasinan.

Kinilala ang mga inaresto na sina Rodolfo Natividad, Emeterio Paningbatan, Felipe Caron, Bernardito Dizon, Rudy Peralta, Rodrigo Asuncion at Ludivico Mejia—mga kasapi ng Ulopan Na Umbaley Ed Camp Gregg Military Reservation.

Ayon sa Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL), hinuli ang pitong magsasaka matapos nilang pigilan ang pagbabakod sa halos 300 ektaryang sakahan na matagal na nilang binubungkal sa Barangay Bical Sur sa Bayambang. Iniutos ni Gov. Amado Espino na bakuran ang mga sakahan para tayuan ng isang pribadong resort. Dagdag pa ng AMGL, idineklara ng Department of Environment and Natural Resources na pampublikong lupain ang bahaging ito ng Camp Gregg Military Reservation at hindi ito dapat angkinin ninuman. Napabalitang interesado rin dito ang pamilyang Cojuangco-Aquino.

Pinalaya noong araw ding iyon ang apat na magsasaka. Ikinulong sa istasyon ng pulis ang natirang tatlo at kinasuhan ng *attempted murder.*

Samantala, pinapaaresto naman ng Rizal Commercial Banking Corporation ang 22 lider-magsasaka at manggagawang bukid ng Hacienda Luisita dahil iligal umano nilang inokupa ang lupain ng RCBC. Nanindgan ang Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) na lehitimo ang kanilang pag-okupa dahil matagal nang nakatiwangwang ang mahigit 500 ektaryang lupain ng RCBC na hindi naman pinakikinabangan. Dagdag pa ng AMBALA, nagsampa rin sila ng petisyon sa Department of Agrarian Reform para pawalambisa ang kumbersyon ng lupa at ipamahagi na ito sa kanila. AB

Mamamahayag sa GenSan, pinatay

Pinagbabaril noong Enero 6 si Christopher Guarin, 41, *editor* at *publisher* ng "Tatak News", isang pahayagang nakabase sa General Santos City. Pauwi sa kanyang bahay ang mamamahayag nang siya ay paslangin sa Barangay Lagao ng naturang lunsod ng dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo.

Bagamat sugatan, tumalon pa rin si Guarin sa labas ng kanyang sasakyan para hindi madamay ang kanyang mag-anak. Gayunpaman, limang bala ang tumama sa kanyang katawan at isa sa ulo. Nasugatan din ang kanyang asawa.

Si Guarin ang unang biktima ng pamamaslang sa mga mamamahayag ngayong 2012 at ika-10 mula nang maluklok sa poder si Benigno Aquino III. Mula noong 1986 ay 150 na ang bilang ng mga Pilipinong mamamahayag ang napapaslang at hindi pa nabibigyan ng katarungan.

Isang komentarista sa radyo at dating reporter ng Bombo Radyo si Guarin. Naging *station manager* din siya ng DXBB Super Radyo GenSan. Nakatanggap ng maraming pagbabanta sa kanyang buhay ang mamamahayag bago siya paslangin. AB

Marahas na demolisyon sa San Juan

Marahas na dinemolis ang mga tirahan ng mga maralitang pamilya sa komunidad ng Corazon de Jesus (CDJ) sa San Juan City noong Enero 12. Umabot sa 20 ang iligal na inaresto at 31 ang nasugatang mga residente (dalawa ang malala) matapos pwersahang pasukin ng mahigit 600 pinagsanib na pwersa ng Philippine National Police (PNP) at *demolition team* ang Narciso Street kung saan nakatayo ang barikada ng mga maralita.

Walang armas ang mga residente, at sa gayon ay ginamit lamang nila ang mga materyal na nasa loob ng kanilang komunidad para aktibong depensahan ang kanilang mga tirahan. Bago pa man ang demolisyon, tuluy-tuloy na ang pandarahas at saywar ng mga pwersa ng estado. Nagpakat ito ng mga pwersang militar sa loob ng komunidad, naglunsad ng operasyong paniktik sa hanay ng kabataang kasapi ng mga progresibong organisasyon at nagsampa ng mga gawa-gawang kaso at arbitraryong nang-aresto ng mga lider.

Umabot sa 400 pamilya ang napalayas noong 2010 at sa ngayon ay may dagdag pang mahigit 100 pamilya ang apektado. Ginamitan ng *water cannon* at tirgas ang mga nagbabarikada para sapilitan silang palayasin. Dahil sa brutalidad ng mga pulis, napasok nila ang komunidad at winasak ang mga bahay doon. Sa tulong ng simbahan, karamihan sa mga residente ay pansamantalang nakatira ngayon sa mga barung-barong sa loob ng Corazon de Jesus. Nananatili sila sa lugar at handa silang labanan ang kasunod na hakbang ng lokal na pamahalaan. Sa harap ng mas matinding kaapihan, ibinabangon nila ang kanilang dignidad sa pamamagitan ng puspusan at militanteng paglaban.

Dalawang beses nang ipinagkaloob sa mga residente rito ang lupa sa ilalim ng nagdaang rehimen. Nang magmatigas ang lokal na pamahalaan ng San Juan, hiniling na lamang nila na huwag sila itapon sa malayong *relocation site* at mismong sa syudad na lamang sila ilipat kasabay ng pagpapaunlad ng kanilang kalagayan. Pero hindi ito pinansin ng lokal na pamahalaan sa pamumuno ni San Juan Mayor Guia Gomez at ng angkang Estrada.

Plano ng mga Estrada na itayo ang magarbong City Hall sa mahigit isang ektaryang lupaing kinatitirikan ng mga dinemolis na bahay. May itatayo rin ditong *condominium,* mga komersyal na tindahan at *parking lot.* Kasosyo ng mga Estrada ang isang malaking burukratang kilala sa pagtatayo ng mga *mall*. Ang kabuuang plano ay nakabalangkas sa programang Public-Private-Partnership (PPP) ng rehimeng Aquino. Katulad ng ibang proyektong PPP sa Metro Manila, ang proyektong ito ay nagsisilbi ring pambayad sa utang na loob ni Aquino sa malalaking burukrata-kapitalista at alyado sa pulitika na nagluklok sa kanya sa poder. Ganito rin ang nasa likod ng mga nakaambang demolisyon sa mga komunidad ng North Triangle, Pangarap Village, Welfareville, Freedom Island at iba pa.

Sa loob lamang ng mahigit isang taon, tatak na ng rehimeng Aquino ang mararahas at di makataong mga demolisyon na nagdudulot ng matinding kahirapan at pang-aapi sa mga maralita. Hindi ito kaiba sa brutalidad ng pamilyang Aquino laban sa mga magsasakang nakikibaka para sa tunay na reporma ng agraryo sa kanayunan.

Binatikos ng mga progresibong organisasyon, mga makabayang sektor at ng simbahan ang marahas na demolisyon. Hiniling nila sa Kongreso na imbestigahan ang marahas na pangyayari.

Binigyang-pugay ng Kabataang Makabayan at National Democratic Front ng National Capital Region ang mga residente, laluna ang mga kabataang tumindig at nagtanggol sa kanilang kabuhayan at mga karapatan sa Corazon de Jesus. Pinuri naman ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang paglaban ng mga residente ng CDJ. Nagpakita sila ng katapangan at determinasyon at kolektibo nilang hinarap ang plano ng rehimeng Aquino na palayasin sila sa kanilang mga tahanan, anang PKP. Marami pang magaganap na mga pang-aatake ng rehimen sa mga maralita dahil sa patuloy na proyekto nitong PPP. Gayunman, patuloy na mag-oorganisa at kikilos ang mamamayan para labanan ito, dagdag pa ng PKP. AB

Malalaking kumpanya sa pagmimina, pinapaboran ng rehimeng US-Aquino

Mariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rehimeng US-Aquino sa paggamit ng nangyaring trahedya sa Pantukan, Compostela Valley noong Enero 5 para pwersahang palayasin ang mahihirap at maliliit na minero at manggagawa sa minahan sa kanilang komunidad. Sinisisi ng rehimeng US-Aquino ang maliliit na minero sa sunud-sunod na pagguho ng lupa sa kanilang lugar. Pero ang totoo, ang pagguho ay dulot ng eksplorasyon ng malalaking kumpanya sa pagmimina at pagtotroso noong nakaraan.

Mula pa noong dekada 1950 ay pinagpipistahan na ng malalaking kumpanya sa pagtotroso at pagmimina ang kabundukan ng Compostela Valley. Isa sa pinakamalalaki ang operasyon ang Aguinaldo Development Corporation (ADECOR) na nag-eeksport ng troso at *plywood* sa Japan. Mula naman noong 1969, nagsimula na ang eksplorasyon sa pagmimina ng Nationwide Development Corp. (NADECOR) at Mitsubishi Metals Mining Corporation ng Japan sa munisipalidad ng Pantukan. Noong dekada 1990, pumasok dito ang Benguet Corporation at ang kasosyo nitong kumpanyang Amerikano. Nagdagsaan pa ang mga dayuhan sa pagmimina nang maipasa ang Mining Act of 1995. Noong 1985-97, pumasok ang Kingking Mines Inc., isang sosyo ng Echo Bay Mines Inc at Toronto Ventures Inc, mga kumpanya Canadian.

Ang malawakang pagkalbo sa kagubatan at paghuhukay ng mga dayuhang kumpanya sa lugar ay nagresulta na sa maraming trahedya noong nakaraan. Pinakamatingkad rito ang naganap na pagguho ng lupa sa pinagminahan ng Apex Mining Corporation sa Barangay Masara, bayan ng Maco noong 2008 na ikinamatay ng 27 residente.

Bago pa mangyari ang trahedya noong Enero 5, gusto nang palayasin ng rehimeng US-Aquino at ng mga kumpanya sa pagmimina ang mga manggagawa at maliliit na minero sa lugar. Naglagay ang Russell Mining ng armadong pwersang panseguridad para matiyak ang kontrol sa lugar. Ipinakat din ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang 71st IB sa Barangay Tibagon, Pantukan. Ang mga armadong pwersang ito ay naghasik ng terorismo sa mga komunidad ng mga minero at gumawa ng maraming paglabag sa karapatang-tao.

Noong Abril 12, 2011, pinaslang ng mga elemento ng 71st IB sa kanyang tirahan sa Napnapan, Pantukan si Santos "Ricky" Manrique, 49 anyos, presidente ng Federation of Miners' Association in Pantukan (FEDMAP). Aktibo si Manrique sa pakikibaka laban sa pagpasok ng dayuhang malalaking minahan sa lugar. Nakapailalim ngayon sa Oplan Bayanihan ang buong lugar.

Kingking Gold-Copper Project

Pangunahing tinututulan ng maliliit na minero, kanilang mga pamilya, mga taong-simbahan at mga aktibistang kontra-mina ang Kingking Gold-Copper Project na naglalayong hukayin ang mga depositong ginto at tanso sa mga barangay Kingking at Napnapan, Pantukan. Ang KG-CP ay kunektado rin sa pinakamalalaking deposito ng ginto at tanso sa Mt. Diwalwal, na nasa bayan ng Monkayo, Compostela Valley.

Mayaman sa ginto at tanso ang kabundukan ng Pantukan. Batay sa pinakahuling pag-aaral, tinatayang sa loob ng 15 barangay na sakop nito ay 13 ang may deposito ng naturang mga mineral. Pero ang pinakakonsentradong deposito nito ay nasa bulubunduking bahagi ng Kingking at Napnapan na sumasaklaw ng 1,650 ektarya.



Tinatayang aabot sa 791.5 milyong tonelada ng tanso at ginto ang makukuha ng KG-CP na magkakahalaga ng $70 bilyon o mahigit P3 trilyon. Kaya kinikilala itong isa sa pinakamalalaking deposito ng hindi pa naminiminang tanso at ginto sa buong mundo. Tinatayang aabot sa 23 taon bago masaid ang naturang yaman. Kaya naman takam na takam ang maraming dayuhang malalaking kumpanya sa pagmimina sa yamang ito.

Dahil sa yamang makukuha rito, itinakda ang KG-CP bilang isa sa mga nangungunang proyekto ng rehimeng US-Aquino. Nakasaad rin ito sa Mindanao 2020 Program.

Sa 13 kumpanyang nag-aplay at nag-aagawan sa KG-CP noong 2009, ang Russell Mining and Minerals Inc (RMMI), isang Amerikanong kumpanya na kasosyo ng lokal na kumpanyang NADECOR ang nakakopo sa 1,650 ektarya sa lugar. Nagsimula itong mag-opereyt simula ng 2011. Kasabay nito, ang RMMI ay patuloy na nagpapalawak ng konsesyon na umaabot na sa 4,000 ektarya. Noong Hunyo 2010, binigyan din ng rehimeng Aquino ang Napnapan Mineral Resources Inc. (NMRI) ng 4,900 ektaryang konsesyon sa pamamagitan ng Mineral Production Sharing Agreement (MPSA).

Open pit mining ang paraan ng pagmimina ng KG-CP sa lugar kaya tiyak na wawasakin nito ang kabuhayan ng mamamayan at ang kalikasan. Aabot sa mahigit 8,000 pamilya o 40,000 residente ang nakatakdang mapalayas sa kanilang mga sakahan oras na magsimula na ang mga operasyon ng RMMI. Kasama sa sasaklawin ng dayuhang operasyon ang mahigit 8,000 ektaryang lupang ninuno ng tribong Mansaka. Noong 2011, nagsimula na ang paglaban ng mamamayan sa Pantukan. AB

6 sundalo patay, 16 sugatan sa Bukidnon

Anim na sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang napatay at 16 ang nasugatan sa dalawang magkahiwalay na ambus na inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Enero 18 sa Barangay Sinuda at Palakapaw, Kitaotao, Bukidnon.

Ayon kay Ka Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng Merardo Arce Command (BHB-Southern Mindanao), layunin ng inter-larangang operasyong ito na pataasin ang mapanlabang diwa ng mga magsasaka laban sa brutalidad ng 23rd IB.

Bandang alas-6 ng umaga tinambangan ng isang platun ng mga Pulang mandirigma mula sa Front Guerrilla Unit 55 at 56 ang isang pribadong sasakyang lulan ang mga tropa ng 23rd IB. Napatay ang dalawang sundalo at nasugatan ang apat na iba pa.

Pagkaraan ng tatlong oras, inambus ng isang yunit-kumando ng Front 53 sa Barangay Palakapaw, Kitaotao ang isang komboy ng 10th ID na kinabibilangan ng isang siksbay at isang behikulong *amphibian*. Apat ang napatay at 12 ang nasugatan nang pasabugan ang mga ito ng *command-detonated explosive* (CDX).

Pinabulaanan ng dalawang matatagumpay na taktikal na opensibang ito ang naunang pagmamayabang ni Maj. Jacob Thaddeus Obligado, hepe ng 10th ID Civil Military Operations Battalion na dumadami umano ang mga kabiguan ng BHB. Ipinagmamayabang ng nasabing upisyal-militar na noong 2011 ay tinatayang umabot na sa 315 rebelde ang nanyutralisa raw ng militar kahit nabunyag sa mamamayan ang pwersahang pagpapasuko ng mga sibilyan at mga dating kasapi ng BHB.

Samantala, iniulat ng Nueva Vizcaya Provincial Operational Command na tinambangan ng isang yunit-partisano nito sa bayan ng Bambang si SPO4 Isabelo Carpio, isang retiradong upisyal ng Philippine National Police (PNP) noong hapon ng Enero 17. Si Carpio ay binansagang berdugo dahil sa mga patung-patong niyang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang at paglabag sa karapatang-tao at sa matagal niyang aktibong serbisyo bilang ahenteng paniktik ng kaaway laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa katunayan, kasama si Carpio sa tatlong akusadong sinampahan sa reaksyunaryong korte ng kasong pagpatay kay Marlon "Ka Pepsi" Fernandez. Si Ka Pepsi ay pinaslang sa Barangay Belance, bayan ng Dupax del Norte noong 1997. Nakulong sina Carpio nang siyam na buwan pero nakalaya rin sila sa bisa ng pyansa at halos nakalimutan na ang kaso laban sa kanila.

Pagkalabas ng kulungan ay nagpatuloy bilang bayarang ahente ng naghaharing uri si Carpio. Naging aktibo siyang rekruter ng CAFGU at kumander ng *demolition team* para buwagin ang nagbabarikadang mga magsasaka laban sa pagpasok ng dayuhang kumpanya sa pagmimina sa Nueva Vizcaya mula noong 2007. AB

Gen. Mario Chan, sinungaling!

Pinabulaanan ng Efren Martires Command (BHB-Eastern Visayas) ang pahayag ni Gen. Mario Chan, hepe ng 8th Infantry Division na wala nang rebolusyonaryong kilusan sa Leyte. Katunayan, ayon kay Ka Karlos Manuel, tagapagsalita ng kumand, noong Disyembre lamang ay nadagdagan ng 500 aktibistang masang magsasaka, kababaihan at kabataan ang hanay ng mga tagasuporta ng BHB sa Leyte. Mas maraming baryo ang naabot ng pag-oorganisa ng hukbong bayan sa kabila ng pag-igting ng Oplan Bayanihan sa isla.

Hindi umubra sa mamamayan ng isla ang anumang pagpopostura ng makatao o panunuhol ng militar. Hindi nila gaanong pinapansin ang mga pulong o mga palaro na inilulunsad ng militar, kahit pa hainan sila ng litson para dumalo sa mga ito.

Pinabulaanan din ng BHB ang akusasyon ni General Chan na naghahasik ng lagim ang mga Pulang gerilya sa bayan ng Matuguinao, Samar. Ang BHB diumano ang dahilan kung bakit nagsuspinde ng klase ang limang paaralang elementarya sa lugar. Ginigipit din diumano ng BHB ang mga lokal na upisyal ng Matuguinao. Ang totoo, nagsuspinde ng klase ang mga paaralan dahil sa terorismong dala ng matinding operasyong militar ng 14th IB sa lugar. Ipinakat ang buong 14th IB sa Matuguinao, isang maliit na bayan na mayroon lamang 5,000 residente.

Samantala, kinundena rin ng Efren Martires Command ang paglabag ng militar sa sarili nitong idineklarang tigil-putukan mula Disyembre 16, 2011 hanggang Enero 2, 2012. Noong Disyembre 20, patuloy pang nagooperasyon ang 34th IB kaya nagkaroon ng pagkakataon ang mga pwersa ng BHB na ambusin sila sa bayan ng Las Navas, Northern Samar. Ang pag-ambus sa kanila ay parusa sa marami nilang paglabag sa karapatang-tao at hindi nila pagsunod sa sarili nilang *ceasefire*.

Mula Disyembre 16, 2011 hanggang buwan ng Enero, paulit-ulit na nag-ooperasyon ang mga tropa ng 14th IB sa mga barangay ng Lincoro, Cabugao, Buenavista, Matalud at Gayondato, lahat sa bayan ng San Jorge, Samar. Nakihalo ang mga tropa sa mga barangay, nakitulog sa mga bahay at pinusisyunan ang mga *barangay hall* na nagdulot ng matinding takot sa mga sibilyan. Ginawa rin nilang pananggalang ang mga sibilyan laban sa kinatatakutan nilang mga pagbanat ng mga Pulang gerilya. AB

Pangkalahatang welga, nagpapatuloy sa Nigeria

Magdadalawang linggo nang paralisado ang mga aktibidad pampulitika at pang-ekonomya sa Nigeria bunsod ng mariing pagtutol ng mga Nigerian sa pagtaas ng presyo ng langis. Pumutok ang pangkalahatang welga ng mamamayan nang itigil ng gubyerno ni Pres. Goodluck Jonathan ang subsidyo ng gubyerno sa langis noong Enero 1. Umaabot sa $8 bilyon ang subsidyong inilalaan ng gubyerno rito para mapanatiling istable ang presyo ng mga produktong petrolyo.

Bunga nito, dalawang ulit na tumaas ang presyo ng langis sa bansa. Sinundan ito ng pagtaas ng pamasahe at presyo ng pagkain.

Inilunsad ng dalawang pinakamalalaking unyon ng mga manggagawa sa langis ang welga. Ilampung libong mamamayan ang sumuporta at naglunsad ng pangkalahatang protesta. Ipinanawagan nila ang kagyat na pagpapababa ng presyo ng langis at kasabay nito, ang pagbaba ng kanilang presidenteng si Jonathan sa pwesto.

Idinadahilan ng gubyerno ng Nigeria na kailangan nila ang pondong pansubsidyo para sa ibang gamit ng gubyerno tulad ng pag-aayos ng imprastruktura. Pero ang totoo, bahagi ito ng planong lubusang ideregularisa ang industriya ng langis sa bansa. Malaon na itong itinutulak ng mga imperyalistang institusyon, neoliberalista at dambuhalang mga kumpanya ng langis.

Ang Nigeria ay isang bansa sa kanlurang Africa. Palatandaan ng krisis ang 130% pagsirit ng presyo ng langis sa bansang napapabilang sa mga pangunahing nagpoprodyus ng mga produktong petrolyo. Ang Nigeria ang nangunguna sa Africa at ika-12 pinakamalaking prodyuser ng langis sa buong mundo. AB

ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIII Blg. 2
Enero 21, 2012
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Wakasan ang makadayuhan at anti-mamamayang sistema sa ekonomya

Labis-labis ang pagkasuklam ng mamamayang Pilipino sa nagpapatuloy na paglubha ng kanilang kalagayang pangkabuhayan sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Matapos ang isa't kalahating taon, maliwanag na ipinakikita ni Benigno Aquino III na walang pinag-iba ang kanyang rehimen sa nagdaang rehimeng Arroyo at mga nauna pang papet na rehimen sa usapin ng ekonomya at pagharap sa mga tampok na suliranin ng kahirapan at kagutuman ng mamamayan.

Patuloy na lumalala ang problema ng disempleyo, mababang sahod, pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, pagkain at iba pang saligang bilihin at mga serbisyo. Gayundin, lumalala ang kawalan ng lupa, kawalan ng disenteng tirahan ng mga maralita, laganap na mga sakit, pagkabulok ng mga serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan. Malawakang nawawasak ang kapaligiran na nagdudulot ng dagdag na kahirapan sa kabuhayan ng mamamayan.

Lalong tumitingkad ang di pagkakapantay-pantay sa lipunan. Sa isang panig, pahirap nang pahirap ang buhay ng masang manggagawa, magsasaka, mga manggagawang bukid, minoryang mamamayan, karaniwang kawani, maliliit na propesyunal, mga estudyante at ibang sektor. Sa kabilang panig, lalong nakapagpapasasa ang malalaking dayuhang kapitalista, kasabwat nilang malalaking kompradador, mga panginoong maylupa at burukratang kapitalista sa pamamagitan ng pagpapatindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa masang anakpawis, pagdambong sa likas na yaman ng bansa at paggamit sa kapangyarihan ng reaksyunaryong estado upang paburan at bigyang-proteksyon ang kanilang negosyo at mga pag-aari.

Pinalalabas ng rehimeng Aquino na tumatahak ito sa "matuwid na daan," taliwas umano sa talamak na korapsyon ng nagdaang rehimen. Ang totoo, lumalala hindi lamang ang burukratang kapitalismo at korapsyon sa ilalim ng rehimeng Aquino, patuloy din nitong ipinatutupad ang mga patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon na siya ring ipinatupad ni Arroyo..

Ang nagpapatuloy na mga batas sa deregulasyon ang ginagamit ng malalaking kapitalistang dayuhan at kanilang mga kasapakat para walang patumanggang itaas ang presyo ng langis, tubig, kuryente, pamasahe sa tren, *toll fee,* serbisyong medikal, edukasyon at iba pa. Dere-



Sa isyung ito...

Korte ng naghaharing uri 4

Panggigipit kay Alan Jazmines 7

22 kaswalting sundalo sa Bukidnon 9

Mga tuntunin sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

a) Sa *print dialog*, i-*check* ang **Print as image**
b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
k) I-*click* ang **Properties**
d) I-*click* ang **Advanced**
e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type.* Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*